

# COVID-19 Preventive Measures sa Year-end at New Year Holidays

## Mensahe ng Gobernador ng Aichi, Gifu at Mie

Ang bilang ng mga infected ay mabilis na tumataas sa buong bansa at sa tatlong prepektura ng Tokai. Mangyaring ipagpatuloy ang mahigpit na pagsunod sa mga infection control measures upang malagpasan ang 3<sup>rd</sup> Wave at ligtas na masalubong ang bagong taon.

### **[Sitwasyon ng COVID-19 Infection sa 3 Prefectures]**

Mahirap mabatid ang sitwasyon sa bawat prefecture na lumagpas sa 2<sup>nd</sup> wave at nagtala ng pinakamataas na bilang ng mga infected na tao kailanman.

Nagkakaroon ng mga infections at clusters/ kumpol sa mga "welfare o medical facilities", "gatherings/ kainan at inuman ng madaming tao", sa "paaralan", "foreign community", "sa lugar ng trabaho", "mga inuman at kainan na may entertainment", atbp.

### **Para sa mga Mamamayan ng Prepektura**

#### ◆ **Magingat kapag pupunta ng ibang prepektura**

- Madaming tao ang bi- biyahe nitong bakasyon. Tumulong sa pag-iwas sa dagsaan ng tao sa pamamagitan ng pagkuha ng bakasyon bago mag Year-end at pagkatapos ang bakasyon ng New Year, atbp.
- Iwasan ang hindi importanteng mga biyahe hanggang Enero 11 sa mga lugar kung saan ang pagkalat ng impeksyon ay tumataas at kung saan ang 'GoTo Travel' ay nasuspende. Alinsunod sa pagsuspende ng 'GoTo Travel' sa buong bansa upang mahigpitan ang control sa infection, pigilin ang sarili sa pagbiyahe sa labas ng prepektura mula Disyembre 28 hanggang Enero 11.
- Kung importante ang pagbiyahe sa labas ng prepektura, i-check ang mga guidelines at kahilingan ng pamahalaang lokal kung saan ka nakatira at kung saan ka bibiyahe, at gawin ang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.
- **Magingat sa "5 mga sitwasyon" kung saan tumataas ang panganib ng impeksyon sa inyong pupuntahang destinasyon.**
  - ※ 'Mga pagtitipong may inuman, atbp.', 'Kainan at inuman ng maraming tao na idinaraos ng mahabang oras', 'Pag- alis ng mask habang nakikipag-usap', 'Magkasamang pamumuhay sa masikip na lugar', at 'Mga lugar na parating labas- pasok ang mga tao'
- Patuloy kaming magbibigay ng importanteng impormasyon sa tatlong prepektura, kaya't maging aktibo sa pagkalap ng impormasyon para sa sariling kapakanan.

#### ◆ **Masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon sa pag-uwi**

- Isipin kung maaari ba na umuwi sa ibang araw nalamang.
- Suriin ang mga detalye sa lugar na tinitirhan, iwasan ang mga high risk na sitwasyon tulad ng **pagkain kasama ang malaking bilang ng mga tao mula 2 linggo bago umuwi, at lubusang pamahalaan ang inyong kalusugan.**
- Kung mayroong mga matatanda o may dati ng karamdaman ang mga nakatira sa pupuntahang bahay, magsuot parin ng mask sa loob ng bahay.
- Kung hindi maganda ang pakiramdam, iwasan umuwi.
- **Ipaunawa ang mga hakbang na ito sa mga kapamilya na nasa ibang prepektura.**

- ◆ **Mag-ingat sa inuman at kainan na gatherings tulad ng New Year Parties**
  - Madaming oportunidad mag-party at mag-gathering sa bakasyon nitong Bagong Taon. **Iwasan ang maramihan at mahabang oras ng pagkain at pag-inom kabilang na ang pagtitipon sa pagitan ng mga kamag-anak.**
  - Alalahanin na ang mga “cluster” ay sunud-sunod na nangyayari sa mga restawran. **Kapag pumunta sa mga lugar na pinaikli ang kanilang business hours, tiyaking i-check ang lokal na patakaran at maging mas maingat (mapagbantay).**
  - Sa mga social gatherings, gawin ang mga sumusunod: “Huwag pumunta kung hindi maganda ang pakiramdam”, “maliit na bilang ng mga tao, sa maikling panahon”, “drink moderately”, “Iwasang umupo sa tabi mismo o sa harap, umupo ng pahilis (diagonal)”.
- ◆ **Masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon sa Seasonal Events**
  - Ito ang panahon kung saan maraming tao ang nagtitipon-tipon, tulad ng Christmas, New Year’s Eve, Unang Pagsikat ng araw, at pagbisita sa mga Simbahan/ Shrine (Jinja). Kung sakali, **gumawa ng masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pag distansya, pagsusuot ng mask, hindi malakas ang pagsasalita, at pag-iwas sa pag-inom ng alak.** Kung hindi maaaring gawin ang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon, pigilan ang paglahok.
- ◆ **Muling i-check at gawin ang masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon**
  - Upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon, mahalaga na ang bawat tao ay gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang impeksyon tulad ng pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay/ pagdidisimpekta ng mga kamay, at pag-secure ng distansya mula sa mga tao.

#### **Sa lahat ng mga operator ng negosyo at manager ng pasilidad**

- ◆ **Pagwatak-watakin ang bakasyon ng inyong staff nitong New Year period**
  - Hangga’t maaari, pahabain o pagwatak-watakin ang bakasyon ng inyong staff. **Mabisang paraan din sa pagwatak ang paghimok sa mga empleado na gamitin ang kanilang paid leave.**
- ◆ **Kumpirmahin muli ang masusing mga hakbang sa pag-iwas sa impeksiyon**
  - **Alamin at gawin ang mga “Guidelines for Infection Prevention Measures in Each Type of Business”,** at lubusang ipapatupad ang mabisang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon batay sa mga hiniling ng mga gobernador ng tatlong prepektura na naaayon sa particular na katangian ng bawat lugar.
  - **Ipagpatuloy ang lubusang pagpapatupad ng mga hakbang lalo na sa mga welfare at medical institutions kung saan mataas ang risk ng mga tao dito na lumala ang sintomas ng impeksyon.**
  - Ang risk ng impeksyon ay tumataas hindi lamang sa oras ng pagtatrabaho kundi pati na rin sa mga social gatherings sa labas ng trabaho. **Tawagin ang pansin at ipa-alala ito sa lahat ng iyong empleado.**

#### **Pagsaalang- alang ng Human Rights kaugnay sa COVID-19**

- ◆ **Gumawa tayo ng lipunan na hindi nagdi-discriminate o sumisira ng puri ng mga taong nahawaan, taong kabilang sa samahan kung saan naganap ang impeksyon o taong mga umuwi mula sa labas ng prefecture, at paglabas nito sa SNS o paggawa ng tsismis, atbp.**

Disyembre 15, 2020

Gobernador ng Aichi Prefecture  
 Gobernador ng Gifu Prefecture  
 Gobernador ng Mie Prefecture

Mr. Hideki Omura  
 Mr. Hajime Furuta  
 Mr. Eikei Suzuki